

# Pahayagan ng Yaizu

TAGALOG(タガログ語)

QR code

**Pebrero (2 月 Ni gatsu) / 2026 (令和 8 年 Reiwa 8 nen) /￥０**

Yaizu City Hall (Yaizu Shiyakusho)
Seksyon ng Pagsusulong ng Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka)
〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3rd floor
TEL: 054-626-2191 https://www.city.yaizu.lg.jp/



**Iskedyul ng Interpreter**

**【Munisipyo Main branch】** English:Lunes~Biyernes 9:00am~4:30pm /
Tagalog/Bisaya/Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes 9:00am~4:30pm
Spanish:Lunes,Miyerkules~Biyernes 9:00am~4:30pm **※Walang Interpreter: 12noon~1:00pm.**
**【Oigawa branch】** Portuguese: Pebrero 5 at 19 (Una at Ikatlong Huwebes) 9:30am~11:30am/
Tagalog・Bisaya: Pebrero 12 & 26 (Ikalawa at Ikaapat na Huwebes) 9:00am~11:30am



## ◆Magbibigay tulong para sa ikabubuti ng pamumuhay ng mga mamamayan Shimin no seikatsu wo mamoru shien◆

Magbibigay ng espesyal na tulong bilang suporta sa mga taong nahihirapan dahil sa pagtaas ng presyo ng pagkain at mga bilihin.

## ■Ipamamahagi ang orihinal na shopping voucher ng lungsod

**Shi originaru syohinken wo kubarimasu ■**

Ipamamahagi ito sa lahat ng residente at magagamit sa mga rehistradong Tindahan ng lungsod.
【Panahon ng pamamahagi】Ipinaplano sa Marso ng 2026
【Halaga ng shopping voucher】¥5,000 bawat tao
※¥7,000 naman bawat tao, ang mga nakakatanda na may edad 75 pataas at mga may edad 19 pataas na hindi sinisingil ng residence tax(mga may mababang income).
【Mga tindahang maaaring paggamitan ng shopping voucher】Mga rehistradong tindahan sa loob ng lungsod
【WEBsite】https://www.city.yaizu.lg.jp/city-info/torikumi/bukka-taisaku/gift.html
【Mapagtatanungan】Dibisyon ng Pagpaplano ng mga patakaran (Seisaku Kikaku Ka) ☎ 054-626-2141

Para sa detalye, tingnan dito.

## ■Ibababa ang singil sa tubig Suido ryokin wo yasuku shimasu ■

Ang singil sa tubig ay nakabase kung magkano ang dumagdag-(gaano ka dami ang ginamit na tubig) sa paunahing singil kadabuwan sa tubig
Ipagkakaloob ng libre ang pangunahing singil sa tubig para sa buwan ng Pebrero at Marso ng 2026
【Saklaw】Mga Pamilya at Kumpanya sa loob ng lungsod na gumagamit ng suplay ng tubig.
【Website】https://www.city.yaizu.lg.jp/life/water-sewage/water/ryokin/menzyo.html
【Mapagtatanungan】Dibisyon ng Serbisyo ng tubig (Suido Soumu Ka) ☎ 054-624-0111



Para sa detalye, tingnan dito.

## ■May ibibigay na tulong pinansyal bilang suporta sa pag-aalaga ng bata

**Kosodate oenteate no shikyu■**

【Saklaw】Makakatanggap ang mga sambahayang tumatanggap ng child allowance na may mga batang may edad 0 hanggang Third year Senior High School,**kung kabilang sa sumusunod na kategorya 1 o 2.**
①Mga batang tumanggap ng child allowance noong Setyembre 2025.
②Mga batang ipinanganak mula Oktubre 1,2025 hanggang Marso 31,2026.
※Ang mga batang kabilang sa ① ay hindi kailangan ng anumang proseso.
※Kung ang alinman sa mga sumusunod ay naaangkop sa iyo, maaaring kailanganin mong mag-apply.
・Mga Government Employee na tumatanggap ng child allowance
・Mga Magulang na may batang ipinanganak mula Oktubre 1,2025 hanggang Marso 31,2026
【Halaga ng tulong】¥20,000 bawat kwalipikadong bata (Isang beses lamang)
【Panahon ng Distribusyon】Mula Marso ng 2026. Magtanong para sa karagdagang impormasyon.
【Website】https://www.city.yaizu.lg.jp/child-edu/kodomo/mokuteki/application/kosodate-ouenteate.html
【Mapagtatanungan】Dibisyon ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata(Kosodate Shien Ka) ☎ 054-626-1137



Para sa detalye, tingnan dito.

## ■Ipapasok ang Child allowance　(Jido teate no furikomi)■


Sa **Pebrero 13(Biyernes)** ang araw na ipapasok ang Child Allowance. Ang allowance ay mula sa Disyembre ng 2025 hanggang Enero ng 2026 ay ipapasok sa itinalagang bank account ng tagatanggap.
【Mapagtatanungan】 Seksyon ng Suporta sa Pag-aalaga ng Bata (Kosodate Shien-ka) ☏054-626-1137

## ■Pagsasanay ng sabay-sabay na paghatid ng Impormasyon sa buong bansa (J-Alert Test) (Zenkoku issei joho dentatsu shiken)■



Kapag may lindol,tsunami at banta ng pag-atake mula sa labas ng Japan, ang bansa ay iboboroadcast ng sabay-sabay ang impormasyong pang-emerhensiya sa pamamagitan ng public wireless speaker announce system.Sa pagkakataong ito, isasagawa ang pagsasanay gamit ang pag-broadcast ng sabay-sabay ng impormasyon gamit ang mga public wireless speaker announce system.
**(Ito ay pagsasanay lamang na idadaan sa pag-broadcast)**
【Nilalaman ng Broadcast】「♪ Chime」→「Kore wa,J-arato no tesuto desu(x3)」→
「Kochirawa wa, Koho Yaizu desu」→「♪Chime」
【Araw・Oras】 **Pebrero 6 ( Biyernes ), Bandang 11:00am**
【Mapagtatanungan】Seksyon ng Pagpaplano para sa Prebensyon sa Sakuna
(Bosai Keikaku-ka) ☏054-625-0128

## ■Paraan para mapababa ang kontribusyon sa National Pension (Kokumin nenkin hokenryo wo yasukusuru houhou) ■



Kung babayaran ng maaga ang National Pension insurance premium para sa dalawang taon gamit ang bank transfer(Koza Furikae) o credit card, makakatipid po tayo ng humigit-kumulang na ¥15,000 sa loob ng dalawang taon.
Maaari rin magbayad ng maaga para sa anim na buwan at isang taon.
Ang huling araw para mag-apply sa maagang pagbabayad ay **Pebrero 27(Biyernes)**.
Bukod pa rito,kung gagamit ng sistema ng maagang pagbabayad gamit ang bank transfer ay makakatipid ka ng ¥60 kada buwan. Magtanong para sa mas detalyadong impormasyon.
【Mapagtatanungan】Dibisyon ng Pambansang Insyurans at Pension(Kokuhonenkin Ka) ☏054-626-1114
Japan Pension Service Shimada Pension Office
(Nippon Nenkin Kiko Shimada Nenkin Jimusho) ☏0547-36-2211

## ■Pagbabayad ng Buwis ng Lungsod (Shizei no nofu) ■

Magbayad ng 8th term na bayad sa Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan(Kokumin Kenko Hokenzei) hanggang **Marso 5(Huwebes)**. Maaaring bayaran sa bangko,convenience store,mobile payment app at iba pa.
【Mapagtatanungan】 Dibisyon sa Pagbabayad ng Buwis(Nozei Sokushin-ka) ☏054-626-2147

## ■Asosasyon para sa sports ng Kabataan sa Yaizu City (Yaizu-shi supotsu shonendan) ■



Sa Yaizu City, mayroong 12 uri ng mga sports team para sa mga kabataan, tulad ng Karate, Soccer, Volleyball, Baseball at iba pa.
Nagsasagawa rin ng Trial session(taikenkai) at iba pang akitibidad.
Magtanong para sa mas detalyadong impormasyon.
【Mapagtatanungan】Tanggapan ng Grupo ng Isports ng Kabataan sa Yaizu city
(Yaizu-shi Sports Shonendan Jimukyoku) ☏054-626-7930
【Website】 https://yaizu-suports.jp/

【Website】

## ■Tumatanggap ng mga bagong mag-aaral para sa Correspondence Course Program ng Shizuoka Chuo Senior High School (Shizuoka chuo koko tsushinsei katei Shinnyusei boshu)■

【Saklaw】Mga taong inaasahang magtatapos ng Junior High School,mga nakapagtapos na ng Junior High School, mga nagnanais lumipat ng Senior High School,mga tumigil o huminto sa Senior High School,etc.
【Panahon ng aplikasyon】Mula Marso 14(Sabado)～26(Huwebes), sa itinakdang araw ayon sa uri ng aplikasyon.
【Bilang ng Tatanggapin】 1,000 ka tao
◆◆Pulong para sa paliwanag ng pagpasok(Nyugaku Setsumeikai) ◆
【Araw・Oras】Pebrero18(Miyerkules) 2:00pm～
【Lugar】Shizuoka Chuo Senior High School, Chuo Campus
(Shizuoka shi aoi ku jyohoku 2 chome 29 ban 1 go)
※Magtanong para sa detalyadong impormasyon.

【Website】



【Aplikasyon・Mapagtatanungan】Shizuoka Chuo Senior High School Chuo Campus
「Gansho Haifu Gakari(Tagapamahagi ng Application Form)」☏054-209-2431
【Website】https://www.edu.pref.shizuoka.jp/shizuokachuo-h/prospective-students/school-introduction.html

# Final Income Tax Return Kakutei shinkoku

## Ano ang Final Income Tax Return（Kakutei shinkoku）?




Ito ay ang taunang proseso kung saan kinakalkula ang kabuuang kita para sa isang buong taon(mula Enero 1 hanggang Disyembre 31),pagdedeklara ng income tax,at pagbabayad nito. Ang taong kailangang mag-file ay dapat magsumite ng kanilang Final Income Tax Return Form(Kakutei Shinkoku Sho) sa Tax Office mula Pebrero 16(Lunes) hanggang Marso 16(Lunes). Pagkatapos maisumite, may pagkakataong maiibabalik ang sobrang kinaltas na income tax mula sa direktang binabawas sa sahod, pero ito ay depende sa kalagayan ng bawat tao.

**◇Mga taong kailangang mag-file・・・mga taong kabilang sa alinman sa mga sumusunod ①〜③**

①Mga hindi nakapag-Year-end Adjustment(nenmatsu chosei) sa pinagtatrabahuang kumpanya.

②Mga nakapag-Year-end Adjustment(nenmatsu chosei) sa pinagtatrabahuang kumpanya ngunit may pagbabago sa sinusuportahang Pamilya(Fuyo Kojo),may medical expense deduction(Iryo kojo), may housing loan deduction (Jyutaku Kariirekin totokubetsu Kojo) o mga may iba pang nais isamang deductions.

③Mga nakapag-Year-end Adjustment(nenmatsu chosei) sa pinagtatrabahuang kumpanya ngunit may ibang kita na lampas ¥200,000.

## Ano ang Year-End Adjustment(Nenmatsu Chosei)?

Ang「**Year-End Adjustment（Nenmatsu Chosei）**」, kapag ikaw ay nagtatrabaho sa isang kumpanya, ang kumpanya mismo ang magkakalkula ng kabuuang kita sa loob ng isang taon tuwing Disyembre at ang nag-aayos ng iyong income tax. Kapag nakapagsumite ng Year-end Adjustment (nenmatsu chosei), hindi na kailangan ng magpasa ng Final Income Tax Return.Kailangang magsumite ng final income tax return, kung may pagbabago sa sinusuportahang pamilya o may idadagdag at may babaguhin sa nilalaman ng naunang sinumiteng Year-end adjustment(nenmatsu chosei).

**◇Panahon ng Pagsusumite:** Pebrero 16(Lunes)〜Marso 16(Lunes) (Maliban sa Sabado,Linggo at Public Holiday)

**◇Oras ng Pagtanggap:** 9:00am〜4:00pm※Depende sa dami ng tao,maaaring magsara ng maaga ang pagtanggap.

**◇Lokasyon:** General Sports Complex 『Seagull Dome(Shigarudomu)』(Yaizu-shi Hofukujima 1050)

**◇WEBSITE** https://www.city.yaizu.lg.jp/life/tax/municipal-tax/kakutei.html#kakuteishinkoku

【WEBSITE】

※Walang Interpreter.

※Huwag tumawag sa General sports complex para sa mga katanungan.

※Ang mga taong magpapasa lamang ng Tax return form(shinkokusho),ay mangyaring direktang isumite ito sa Tax Officesa pamamagitan ng pagpapadala nito at iba pa.

※Sa pagpasok,kakailanganin ang **admission number ticket(nyujoseiriken)**.Ibibigay ito sa araw mismo ng iyong pagpunta. Maaaring magpareserba sa online sa pamamagitan ng opisyal na Line account ng National Tax Agency.

**◇Mga dadalhin** ①Tsinelas panloob ②With-holding Slip(Gensenchoshuhyo) ③Residence card(Zairyu kado) ④My number card ⑤Bank passbook o patunay ng iyong bank account ⑥Mga idadagdag na deductions(Hal. Resibo ng binayarang National Health Insurance Premium(Kokumin Kenko Hokenryo) atbp.)

※Kapag magpapasa ng Medical Expenses Deduction(Iryo kojo),kailangan gumawa ng「Medical Expenses Deduction Statement(Iryohi Kojo no Meisai sho)」.Hindi tatanggapin kung resibo lamang ang isusumite. Ang detalyadong Talaan (Meisaishonoyoshi) ay maaaring makuha sa website ng National Tax Agency(Kokuzeicho homepage) o kaya sa Seksyon ng Lokal na Buwis(Kazei-ka).）

【Website】https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/shinkoku/tebiki/2024/06/6_01.htm

【WEBSITE】

※Kung tumatanggap ng National Pension at nawala ang binigay na with-holding slip (gensenchoshuhyo),maaaring magpa-reissue nito. Para sa detalye,makipagugnayan sa Shimada Pension Office.

【Mapagtatanungan】Japan Pension Service Shimada Pension Office (Nippon Nenkin Kiko Shimada Nenkin Jimusho) ☎0547-36-2211

**◆Para sa may pamilya na nasa ibang bansa at nais mo silang ilagay bilang dependents.**

・Mga patunay na nagpapadala ng higit ¥380,000 sa pamilya.


・Mga patunay ng ugnayan sa nasabing pamilya.

**(Halimbawa:Birth Certificate,Marriage Certificate at iba pa.)**

※Kung ang dokumento ay ginawa sa wikang dayuhan, kinakailangan ng Japanese translation.

※Para sa mga kailangang dalhin,magtanong para sa detalyadong impormasyon sa Fujieda Tax Office.

【Mapagtatanungan】Fujieda Tax Office(Fujieda Zeimusho) (Fujieda-shi Aoki2-36-17) ☎054-641-0680



## ■Libreng Konsultasyon (Muryo sodan) ■ ※May pagkakataon na biglang walang serbisyo

| Nilalaman ng Konsultasyon | Araw・Oras | Mapagtatanungan | Detalye |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon tungkol sa pagbabayad ng buwis<br><br>【Pebrero】 | **【Lunes～Biyernes】**<br>8:30am～12:00pm /1:00pm～4:30pm<br>**【Konsultasyon sa Gabi(Huwebes)】**<br>←Walang Interpreter.<br>**Pebrero 5,12,19,26** 5:15pm～7:00pm<br>**【Konsultasyon sa Linggo】**<br>**Pebrero 22** 9:00am～12:00pm | Yaizu City Hall<br>Tax Collection Division<br>(Yaizu Shiyakusho Nozei Sokushinka)<br>☏054-626-1140<br>☏054-626-2148 | Kung hindi kayang bayaran ang buwis bago ang deadline,magpunta at kumunsulta.<br>※May interpreter tuwing linggo: Tagalog,Bisaya,English, at Portuguese . |
| VISA | Lunes～Biyernes<br>8:30am～5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga residenteng dayuhan(Nagoya)<br>**☏0570-013904** | Mga usapin tungkol sa Proseso ng pananatili o visa atbp.<br>(English,Korean,Chinese,Spanish atbp.) |

## ■Mga Ospital at Botika na bukas tuwing Linggo at Holiday (Pebrero)■



【Oras:8:30am~5:00pm(Ang may marka na ☆ ay 9:00am~5:00pm) Dentista・・・9:00am~3:00pm】
※May pagkakataong magbago.

**【Pebrero 1(Linggo)】** **NAI-KA(Internal Medicine)** Ashida clinic (Yosoji1) ☎623-5656 **GE-KA(External Medicine)** Otomi Riumachi seikeigeka (Nakashinden) ☎656-2221 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Amano jibi inkoka clinic☆(Fujieda-shi Tanaka 3) ☎646-3313 **SHI-KA(Dentistry)** KEN dental clinic (Yosoji 2) ☎656-1173 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Wakakusa yakkyoku Otomi-ten (Nakashinden) ☎623-3939

**【Pebrero 8(Linggo)】** **NAI-KA (Internal Medicine)** Itaya clinic (Kohiji) ☎621-5200 **SHONI-KA/( Pediatrics)** Yamamoto shonika (Ishizu2) ☎656-0100 **GE-KA(External Medicine)** Sawai iin (Sakaemachi 2) ☎626-6660 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Yaizu 6 chome jibi inkoka (Yaizu 6) ☎620-6001 **SHI-KA(Dentistry)** Fukazawa shika (Sakamoto) ☎626-7111 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yotsuba yakkyoku (Ishizu2) ☎625-0005, Marin yakkyoku (Sakaemachi 2) ☎621-1008, Subaru yakkyoku (Yaizu 6) ☎627-2831

**【Pebrero 11(Miyerkules・Holiday)】** **NAI-KA(Internal Medicine)** Nagata clinic (Oyaizu) ☎631-6015 **SHONI-KA(Pediatrics)** Horio shonika (Nishikogawa 2) ☎626-5500 **GE-KA(EM)** Hara seikei geka clinic (Oyaizu) ☎620-8772 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Mori jibi inkoka☆(Fujieda-shi osu 1) ☎635-8687 **SHI-KA(Dentistry)** Ai shika clinic (Daikakuji 1) ☎626-8841 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Genki yakkyoku(Oyaizu) ☎620-7237, Sakura yakkyoku yaizu nishikogawa-ten (Nishikogawa 1) ☎620-8844, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606

**【Pebrero 15(Linggo)】** **NAI-KA(Internal Medicine** Kodaira clinic (Kogawa) ☎621-3333, Hirai iin☆(Kamiizumi) ☎622-9070 **SHONI-KA(Pediatrics)** Koga clinic (Daikakuji 2) ☎628-7289 **/GE-KA(External Medicine)** Yaizu ekimae seikei geka riumachi rihabiri clinic (Nakaminato 1) ☎621-5511 **/FUJIN-KA(Gyncology)** Yaizu birth clinic(Koyashiki) ☎626-8603 **JIBI-KA** Tanaka jibika (Oyaizu) ☎621-5888 **GAN-KA(Ophthalmology)** KOGA clinic (Daikakuji 2) ☎628-5151 **SHI-KA(Dentistry** Asahi shika (Ekikita 3) ☎626-3363 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Clover yakkyoku (Kogawa) ☎625-9000, Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☎620-7500, Nishijima yakkyoku (Ekikita 2) ☎628-7061, Nishina yakkyoku oigawa-ten (Kamiizumi) ☎662-0862

**【Pebrero 22(Linggo)】**
**NAI-KA(IM) / SHONI-KA(Pediatrics)** Sakurai iin☆(Kamishinden) ☎622-0122 **NAI-KA(IM)/ GE-KA(EM)** Community hospital koga byoin (Daikakuji 2) ☎628-5500 **SHONI-KA(Pediatrics)** Sone shonika (Gokahorinouchi) ☎620-8814 **JIBI-KA(Otolaryngology/ENT)** Fujieda aoba jibi inkoka☆(Fujieda-shi suehiro1) ☎050-3033-4284 **SHI-KA(Dentistry)** Kataoka shika iin (Kohiji) ☎627-8883 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☎639-6277, Donguri yakkyoku oigawa-ten (Kamishinden) ☎622-3408

**【Pebrero 23(Lunes・Holiday)】**
**NAI-KA(Internal Medicine** Nagaoka naika (Nishikogawa 4) ☎629-3205 **NAI-KA(IM) / SHONI-KA(Pediatrics)** Ishikawa iin (Tajiri) ☎624-4321 **GE-KA(EM)** Okubo iin (kamikosugi) ☎622-2500 **SHI-KA(Dentistry)** Yasumoto shika iin (Higashidobara 2) ☎639-5489 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Akagi yakkyoku satsuki-ten (Nishikogawa 4) ☎627-9230, Yunisumairu yakkyoku Tajiri-ten(Tajiri) ☎656-2233, My yakkyoku (Kamikosugi) ☎662-1677

## ■Mga Ospital na bukas sa gabi (Yakan Shinryo Iryo Kikan)■

**Lugar:**Sentro ng Pang-emerhensiyang medikal ng Shida･Haibara(**Shida･Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta**)(Fujieda Shi Setoaraya 362-1) ☏054-644-0099 **Departamento**: NAI-KA(Internal Medicine),SHONI-KA(Pediatrics)
**Oras**: Lunes~Biyernes : 7:30pm~10:00pm / Sabado at Linggo: 7:30pm ~ 7:00am ng kinaumagahan)
※Sa mga sumusunod na petsa, ang pediatrics lang ang magiging available pagkalipas ng 10pm.
**< Pebrero8 (Linggo),14(Sabado),22(Linggo),28 (Sabado) >**
**Mga dadalhin**:●Kahit isa alinman sa **Mynu-insurance(Maina Hokensho)** o Sertipiko ng patunay ng kwalipikasyon (**Shikaku Kakuninsho),**●Sertipiko ng benipisyo sa gastusing medikal ng bata(**Kodomo Iryohi Jukyushasho**),Aklat ng talaan para sa Kalusugan ng Mag-ina(**Boshi Techo**) atbp.,●Talaan ng ininom na Gamot:**Okusuri Techo**